

Paano Turuang Makihalubilo Ang Iyong Alagang Tuta

Isinulat ni: Dr. Sherry Woodard ng BestFriends Animal Society
Isinalin sa Filipino ni: Maria Azalea Florentino - Volunteer of Philippine Animal Rescue Team(PART) & Phoenix Legacy of Compassion

Mahalagang matutong makipaghalubilo ang mga tuta at aso sa mundo upang hindi sila matakot sa mga bagong sitwasyon, bagay, tunog, tao, at iba pang mga hayop. Kung kaya't mahalagang habang tuta pa lamang ay matuto nang makihalubilo sa iba. Ang interaksyon ng iyong alagang tuta sa mundo ay makabubuti sa kaniyang emosyonal na estado at pagkakaroon ng palagay na loob sa mundo.

Ngunit bago mo ipahalubilo ang iyong alagang sa iba, may mga panuntunan tayong dapat malaman. Mahalagang napabakunahan mo na ang iyong alaga bago ipahalubilo sa ibang mga hayop na maaaring hindi pa napabakunahan. Maaari kasing mahawa ang iyong alaga sa kung anumang taglay na sakit ng ibang hayop — *parvo*, *distemper*, at *hepatitis* — na maaaring ikamatay ng iyong alaga. Kumunsulta sa iyong beteryaryo upang malaman kung kailan at kung paano ang ligtas na paraan na pwedeng makihalubilo ang iyong alaga sa ibang mga hayop.

Bago pa man makumpleto ng iyong alaga ang kaniyang mga bakuna ay maaari na siyang makihalubilo sa ibang mga hayop na mayroon ng bakuna. Masaya rin na ipakilala siya sa iyong mga kaibigan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang parti o kasiyahan sa iyong tahanan. Sa pamamagitan nito, masasanay ang iyong alaga sa iba't ibang uri ng tao - maingay, tahimik, bata, matanda, matangkad, pandak, mahiyain, at bibo. Mainam ding ipakilala ang iyong alaga sa mga taong nagsusuot ng sumbrero, antipara, helmet, mahabang pangginaw, kapang na may panakip sa ulo, gwantes, at maskara. Maaari mo ring isama ang iyong alaga sa maiikling biyahe sa kotse. Sa pamamagitan nito, magiging sanay siya na biyahero sa murang edad.

Siguraduhing positibo lahat ng karanasan ng pakikihalubilo ng iyong alaga. Kung mayroon mang bagay na kinatatakutan ang iyong alaga, ipakilala nang dahan-dahan ang bagay o taong iyon sa positibong paraan. Halimbawa, kung ang iyong alaga ay takot sa mga taong may suot na malaking sumbrero, hayaan ang taong may malaking sumbrero ang magbigay sa iyong alaga ng pagkain o “treats.” Kalaunan, mai-uugnay ng iyong alaga na ang sumbrero ay isang mabuting bagay at hindi nakatatakot.

Unti-unti ring ipakilala sa iyong alaga ang iba't ibang gamit at tunog sa bahay tulad ng mga sumusunod:

Tunog ng bakyum, walis, at panlampaso.

Tunog ng telebisyon at radyo (magpatugtog ng iba't ibang uri ng musika)

Pagsipol at mga pambatang laruan

Tunog ng mga de-kuryenteng kagamitan tulad ng blender, bentilador, at pantuyo ng buhok “hair dryer”

Tunog ng saranggola at plastik na tinatangay ng jangin

Tunog ng lobong nagpapakawala ng hangin

Tunog ng bagyo na inirekord sa isang CD o tape. Patugtugin ito sa mahinang bolyum.

Mainam ding masanay ang iyong alagang tuta sa paghawak sa kaniya gamit ang iyong mga kamay at sa paliligo. Hawakan ang lahat ng bahagi ng kaniyang katawan: buksan ang bibig, tingnan ang mga tainga, hawakan nang saglit ang buntot, kalikutin ang pagitan ng kaniyang mga daliri sa paa. Ilagay siya sa iyong mga hita at yakapin ng sampung segundo. Upang masanay siyang maging kalmado, masahihin ang kaniyang buong katawan habang kasama ka hanggang sa siya ay makatulog. Ang iyong mga kaibigan at kapamilya ay makatutulong din sa paghawak sa iyong alagang tuta.

Ipakilala ang sipilyo, suklay, at panggupit ng kuko sa pamamagitan ng positibong pamamaraan tulad ng pagbibigay ng papuri at pagkain o “treats.” Kung kukuha ng isang propesyonal na siyang magpapaligo sa iyong alaga, ipakilala muna sa iyong alaga ang tunog ng de-kuryenteng panggupit.

Pag sapit ng ika-walong linggong edad ng iyong alagan ay maaari ka nang tumanggap sa iyong tahanan ng mga bisita at ibang hayop na nabakunahan na para masanay na rin ang iyong alaga sa interaksyon. At kapag sinabi na ng beterinaryo na maaari mo nang ilabas ng tahanan ang iyong alaga ay ipasyal mo siya sa inyong buong lugar, sa parke, at sa ibang tahanan para mas maging pamilyar siya sa iba’t ibang klase ng sahig pati hagdanan. Ang pamamasyal ay makatutulong upang hindi magulat ang iyong alaga sa mga bisikleta, *skateboard*, kariton, at upuang de gulong.

Kung higit sa isa ang iyong alagang tuta, maglaan ng personal na panahon sa bawat alaga. Ito ay para maiwasan ang pag-asa ng mga tuta sa isa’t isa. Upang mabuo ang isang magandang emosyonal na disposisyon ng iyong alaga, mahalagang mabuo niya ang kaniyang sariling personalidad.

Gawin ang mga pangunahing pagsasanay para sa iyong alaga upang malinang ang kanyang kasanayan at matutong makipag-kapwa sa iba. Turuan ang iyong alaga na kunin ang pagkain o “treat” nang marahan at laruin ang kanyang mga laruan at hindi ang iyong mga kamay. Magiging mas kasaya-saya ang paglalakad kasama ang iyong alaga kung matuturuan mo siyang maglakad bilang unang gabay. Mahalagang maturuan din siya ng mga pangunahing utos tulad ng “upo,” “baba,” at “manatili.” Kapag isinaalang-alang mabuti ang mga pagsasanay at kung paano makikihalubilo ang iyong alaga ay lalaki siyang mas masaya, mas kaanya-anyaya, at mas komportable sa kabila ng magulong mundo ng mga tao